



# Paalala sa mga Karapatan at Interes para sa mga Polisiholder ng KGI Life Insyurans

Minamahal naming mga Polisiholder, kumusta po:

Salamat po sa inyong pagsuporta at sa pagtiwala sa KGI Life. Ang maprotektahan ang inyong mga karapatan at interes ay isang responsibilidad na pinangahalagahan namin. Tutulungan namin kayong maunawaan ang mga mahahalagang benepisyo ng polisi at patuloy na makapagbigay sa inyo ng prendly na serbisyong pang-pangpinansyal na walang hadlang.



## Pag-iinsyur

1. Huwag basta-bastang lumagda sa blankong papel, may legal na bisa ang lagda.
2. Ang mga dokumentong tulad ng aplikasyon ng insyurans\*<sup>1</sup>, aplikasyon sa claim, at aplikasyon para sa pagbabago ng nilalaman ng kontrata ay dapat punan at lagdaan ng nagpainsyur\*<sup>2</sup>, ang nakainsyur\*<sup>3</sup> o ang mismong benepisyaryo\*<sup>4</sup>, at hindi maaaring lagdaan ng iba.
3. Sagutin ng tapat ang mga katanungan ng kumpanya sa aplikasyon porm habang napapa-insyur. Kapag may hindi totoong sinagot, maaaring maapektuhan ang sinasakupan ng iyong insyurans.
4. Sa loob ng sampung araw pagkatapos maihatid ang insyurans polisi sa iyo, kung meron kang ibang binabalak o ibang plano, pupwede mong ipakansela ang polisi na ito(ang tawag ay pagkansela ng kontrata), ito ay hindi na magiging epektibo at wala kang record na nagpainsyur ka. At isosoli ng kumpanya ang pera na naibayad mo.



## Pagbayad ng Premyum

1. Ang kumpanya ay nagtaguyod ng serbisyong "CASHLESS" upang hindi kayo mag-alala sa pagbayad ng premyum. Ang lahat ng mga tauhan ay hindi maaaring tumanggap ng pera o magremit o magtransfer ng kabayaran gamit ang pangalan nyo. Huwag magremit ng pambayad ng premyum sa anumang pribadong akount.
2. I-deposito mula sa banko o bayaran sa pamamagitan ng credit card ang inyong premyum. Siguraduhing may resibo sa bawat transakyon at siguraduhing sapat ang pera sa inyong akount. Puwede ding magbayad sa konbinyent stor sa buong Taiwan o kaya sa pamamagitan ng 「KGI life」 app at magbayad online.



## Claims

1. Ang insyurans ay maaaring maikalat at maipasa ang mga peligro, ito ay naging matibay na pundasyon para sa may seguridad na pamumuhay. Sa anong pagkakataon na maaaring makakuha ng claim ay kailangan i-base sa polisi ng insyurans, kaya dapat basahin nang mabuti upang malaman ang mga karapatan at obligasyon ng mga partido, ang saklaw ng proteksyon, ang mga kondisyon para sa claims, ang mga hindi garantisado ,ang mga hindi kasama sa responsibilidad ng insyurans\*<sup>5</sup>, ang mga dokumento na kinakailangan para sa aplikasyon ng claims, atbp.
2. Kung mayroon kayong kailangan na claim, maaari po kayong pumunta sa opisyal na websyt <https://www.kgilife.com.tw> upang tsekin kung paano mag-aply ng claim o magpatulong sa sales mo, o tumawag sa libreng serbis hatlyn **0800-098-889**, o sa **0800-006-868** ang libreng hatlyn na may prendly na serbisyong pang-pinansyal.
3. Kung ang nakainsyur ay masama ang pakiramdam nagpadocor at kailangang mag-aply ng insyurans pangmedikal, at ang claim ay ipapadeposto sa banko ng nakainsyur, mangyaring sa pagpuno ng aplikasyon ay ibigay ang numero ng banko ng nakainsyur.
4. Kapag ang nakainsyur ay sumakabilang buhay, ibibigay ng kumpanya ng insyurans ang claim sa benepisyaryo na nakasaad sa polisi, kung kaya't kailangan ding ibigay ang numero ng banko ng benepisyaryo.



## Paalala

1. Maaari mong ipaki-usap sa sales mo para magpasok ng aplikasyon mo, libreng serbisyo ito. Walang babayaran.
2. Maari kang magkaroon ng higit sa isang polisi; suhestyon, palaging basahin ang inyong mga insyurans para hindi malimutan ang mga garantiya para sa iyo at hindi rin malimutang magbayad ng premyum na maaaring mapatigil ng inyong insyurans\*<sup>6</sup> at mas malala ay mapawalang bisa\*<sup>7</sup>.
3. Kung nagpalit ka ng kontak, tulad ng numero ng telepono, numero ng selpon, tirahan, email at iba pa, mangyaring mag-abiso sa kumpanya para mapalitan din ang mga lumang impormasyon, upang matiyak na matatangap mo ang mga abiso na may kauganayan sa polisi. Lalo na kapag may aksidenteng nangyari, kailangan makontak ng insyurans ang benepisyaryo para sa pag-aply ng claims.
4. Kung ang inyong polisi ay epektibo pa at may naipon na halaga/may halaga ang inyong polisi, maaaring mag-aply para mahiram ang pera. Padadalhan ka ng mensahe ng kumpanya ukol sa interes sa ika-anim na buwan. Kapag ang interes ay lumagpas ng isang taon at hindi nabayaran kahit napadalahan ng abiso ng maraming beses\*<sup>8</sup> ay hindi pa rin nabayaran, ang hindi nabayaran na interes ay ipapatong ito sa kapital na hiniram at magkakaroon muli ng interes. Kapag ang hiniram na pera sa insyurans ay hindi nababayaran, maaaring matigil ang insyurans o mas malala ay mapawalang bisa ito.
5. Kung kailangan ng karagdagang impormasyon, welkam pong kumontak sa kumpanya sa anumang oras : kung ang dokumentong ito ay naiiba ang pagkainterpretasyon , ang bersyon ng Tsino ang maususnod.
6. Siguraduhing alerto at mag-ingat sa mga manloloko. Huwag magtiwala sa hindi kilalang telepono, email, teks o mga paanyaya sa sosyal medya. Mangyaring panatilihin pribado ang inyong personal na impormasyon upang maiwasan ang magamit ng mga masamang loob, na maaring humahantong sa pagkalugi o gamitin sa iligal na transaksyon. Kung mayroong kahina-hinalang sitwasyon, **mangyaring ireport sa 165 anti-fraud hatlyn.**



## Friendly na serbisyong pang-pinansyal

- Ang kustomer serbis senter ay may prendly na serbis kaunter, mayroon ding prendly na serbisyong pang-pinansyal hatlyn **0809-006-868**, **serbisyo sa bahay at serbisyong pagsalin para sa bingi at pipi. Welkam po ang lahat na gumamit ng serbisyo.**
- Ang kumpanya ay mayroon ding prendly na serbisyong pagsalin ng linguahe para sa mga bagong migrante, sa pamamagitan ng tagapagsalin mula sa iba't ibang bansa, matutulungan ang mga bagong migrante matamasa ang serbisyong pang-pinansyal nang walang hadlang.




「KGI LIFE」 APP para sa nagpainsyur




Serbisyong pagsalin para sa bingi at pipi




Serbisyong pagsalin sa linguahe ng iba't ibang bansa

## Simpleng terminolohya ng insyurans

- \*<sup>1</sup> **Ang polisi:** Ay ang aplikasyon porm na pinuno at pinirmahan ng nagpainsyur sa kumpanya ng insyurans.
- \*<sup>2</sup> **Ang nagpainsyur:** Ang tawag din ay nag-inbes o kliyente ng insyurans o sa madaling salita ay ang bumili ng insyurans. Ang nagpainsyur at ang kumpanya ang may pinirmahang kontrata, may obligasyon magbayad ng premium at may karapatang mag-talaga o baguhin ang benepisyaryo o baguhin ang nilalaman ng kontrata o pahintuin ang kontrata.
- \*<sup>3</sup> **Ang nakainsyur:** Ang tawag din ay ang nakainsyur, sa madaling salita sya ang nakainsyur, ang kanyang kaligtasan, kamatayan, magkasakit o mapinsala ay ang kundisyon upang makakuha ng claim mula sa insyurans.
- \*<sup>4</sup> **Benepisyaryo:** Ang itinalaga ng nagpainsyur na may karapatan sa makukuhang claim mula sa insyurans.
- \*<sup>5</sup> **Hindi kasama sa insyurans/hindi kasama sa responsibilidad:** Sa bawat polisi mayroong 「hindi kasama sa responsibilidad」 na kundisyon, ibig sabihin may mga sitwasyon na hindi responsibilidad ng insyurans na magbigay ng claim, kailangan klaruhin ng naginsyur para maiwasan ang hindi pagkakaunawaan ukol sa claim.
- \*<sup>6</sup> **Napahinto ang bisa** Kapag ang premyum ay hindi nabayaran, kapag ang kumpanya ay naningil at nabigyan na ng palugit hanggang tatlung (30)araw at hindi pa rin nabayaran, ito ay maaaring mapahinto ang bisa kinabukasan. Ibig sabihin ang polisi ay 「nakahinto ang bisa」, kapag may nangyaring aksidente habang nakahinto ang bisa ng insyurans, hindi makakakuha ng claim.
- \*<sup>7</sup> **Wala ng bias:** Kapag ang polisi ay napahinto ang bisa hanggang maka-dalawang taon at hindi pa rin nababayaran ang premyum at interes para maging epektibo muli ang insyurans, ang polisi ay mawawalan ng bisa.
- \*<sup>8</sup> **Napadalhan ng abiso ng maraming beses:** Kapag ang nagpainsyur ay hindi nakakabayad sa tamang oras ng premium, ang kumpanya ay magpapadala ng absio sa pamamagitan ng sulat, ipapadala sa naginsyur.